(english edition: www. verbuhaymagasin.com)
VERBUHAY
GABAY SA BIBLE SHARING
IKAAPAT NA LINGGO NG KUWARESMA (B) • MARSO 11, 2018

Buhay na Walang Hanggan ang ating Hantungan

(*Pambungad na Panalangin*)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (2Kro 36:14-16, 19-23)

NOONG mga araw na iyon: [14]Sumama nang sumama ang mga pinuno ng Juda, ang mga saser-dote at ang mamamayan. Nakigaya sila sa nakaririmarim na gawain ng ibang bansa. Pati bahay ng Panginoon na itinalaga niya sa Jerusalem ay kanilang itinakwil. [15]Gayun-man, dahil sa habag ng Panginoon sa kanila at sa pagmamalasakit sa kanyang Templo, lagi niyang pinadadalhan sila ng mga sugo. [16]Ngunit hinahamak lamang nila ang mga ito at ang mga propeta at pinagtatawanan sa anumang sabihin. Kaya, umabot na sa sukdulan ang poot ng Panginoon.[19] Sinunog ng mga kalaban nila ang bahay ng Panginoon, winasak ang muog ng Jerusalem at ang malalaking gusali. Ang mahahalagang ari-arian doon ay tinupok din, anupa't ang lahat ay iniwan nilang wasak. [20]Ang naligtas sa patalim ay dinala nilang bihag sa Babilonia. Doo'y inalipin sila ng hari at ng kanyang mga anak hanggang ang Babilonia'y masakop ng Persia. [21]Sa gayon

natupad ang hula ni Jeremias na ang lupai'y nakapamahinga sa loob ng pitumpong taong singkad.

[22]Upang matupad ang salita niyang ito sa pamamagitan ni Jeremias, pinukaw ng Panginoon ang kalooban ni Ciro, hari ng Persia noong unang taon ng kanyang paghahari. Nagpalabas ang haring ito ng isang pahayag sa buong kaharian na ganito ang isinasaad:

[23]"Ito ang pahayag ng Haring Ciro ng Persia: 'Ipinaubaya sa akin ng Panginoon, Diyos ng Kalangitan, ang lahat ng kaharian sa daigdig at inutusan niya akong magtayo para sa kanya ng templo sa Jerusalem ng Juda. Kaya, ang sinuman sa inyo na kabilang sa kanyang bayan ay pinahihintulutan kong pumunta sa Jerusalem. Samahan nawa siya ng Panginoon,

ang kanyang Diyos.'"

Tema: **Kasalanan, Kaparusahan, Kapatawaran**

PAGPAPALIWANAG

- Ang b. 14 ay naglalahad na ang mga politikal at relihiyosong mga lider at mga ordinaryong mamamayan ay walang mga paniniwala. Mga nagsasagawa ng kasuklam-suklam at nakapopoot na gawain. Sila ang mga nakaka dungis ng templo.
- Sa b. 16 iinisa-isa ang mga kasalanan ng mga tao: ang pagkutya sa mga propeta ng Diyos; winalang bahala ang babala ng mga sugo ni Hesus; hinamak ang kanyang mga propeta.
- Sa bb.17,19 at 20 ipinakita kung paano pinarusahan ang mga tao sa Jerusalem. Ginamit ng Diyos ang hari ng Chaldeo (Babilonia) para ipapatay ang mga batang lalaki; walang itinira. Ang mga kalaban ay sinunog ang templo. Itinumba nila ang pader mg Herusalem (ang mga residente ay binuksan sa peligro). Wala na silang pangharang sa mga naghihimasok. Ang bahay ng hari ay kanila ring sinunog. Mga mahahalagang kayamanan (sa kasaysayan at kultura) ay nasirang lahat. Lahat nang hindi namatay ay ibinihag at ipinatapon sa Babilonia. Sila ay pilit na pinaalis sa kanilang lupang sinilangan.
- Ang pagpaparusa ay muntik nang maging sanhi ng pagkawala ng kanilang bansa. Masyadong matindi ang parusa ng Diyos sa mga taong makasalanan na inakala niyang mga banal.
- Sa bb.22-23, ipinakita kung paano binuo ng Diyos ang mga tao sa Herusalem. Inudyakan niya si Ciro, ang hari ng Persia (ngayon ay Iran) para pahintulutang bumalik ang tao sa Herusalem. Ito ay para isakatuparan ang sinabi ni Propeta Jeremias noong kasalukuyang nakiki-digma ang mga taga-Babilonia sa Herusalem. Tinapos ni Ciro ang pagbasa na may kalakip na pangarap sa nagsipag balikang mga tao.

PAGNINILAY

Kinapopootan ng Diyos ang kasalanan. Ito ay isang insulto sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN (Slm 18)

PANGINOON, IYONG TAGLAY ANG SALITANG BUMUBUHAY.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 2:4-10**)**

4 Napakasagana ang habag ng Diyos at napakadakila ang pag-ibig na iniukol niya sa
atin. 5 Tayo'y binuhay niya kay Kristo kahit
noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pag-
suway. Naligtas nga kayo 6 dahil sa kanyang
kagandahang-loob. Dahil sa ating pakikipag-
isa kay Kristo Hesus, tayo'y muling binuhay
na kasama niya at pinaupong kasama niya
sa kalangitan. 7 Ginawa niya ito upang sa
darating na mga panahon ay maipakita niya
ang di-masukat na kasaganaan ng kanyang
kagandahang-loob sa atin sa pamamagitan
ni Kristo Hesus. 8 Dahil sa kagandahang-loob
ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan
ng inyong pananalig kay Kristo. At ang
kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi
mula sa inyo. 9 Hindi ito dahil sa inyong mga
gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang
sinuman. 10 Tayo'y kanyang nilalang, nilikha
sa pamamagitan ni Kristo Hesus upang iukol
natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti,
na itinalaga na ng Diyos para sa atin noon pa
mang una.

Tema: **Ang Habag ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Ipinakita sa b. 4 ang pagkilala sa napaka-saganang habag ng Diyos at napaka-dakilang pag-ibig.
- Sa b. 5 ang kapuri-puring awa ng Diyos. Iniligtas tayo kahit tayo ay sumuway sa Kanya. Utang ng loob natin ito dahil sa mga pagsisikap ni Hesus.
- Sa b. 6 ibinangon tayo ng Diyos. At iluloklok tayo kasama si Hesus sa langit.
- Sa b. 7 ipinakita ang tunay na motibo ng Diyos kung bakit tayo hinango sa ating pagkakasala: para ipakita ang walang hangganang pag-ibig niya.
- Sa b. 8 ang paulit-ulit niyang pagkakaligtas sa

atin: dahil sa pagpapala at pananampalata. Ito ay mga biyaya ng Diyos.
- Sa b. 9 ay ipinakita na hindi natin ito gawa kaya walang dapat ipagmalaki.

Kilalanin ang ginawa ng Diyos sa atin (b.10). Siya ang may gawa sa atin at nakalaan tayong mabuhay sa mabuting mga gawain.

PAGNINILAY

Dapat matutunan ng mga Kristiyano na huwag nating isaalang alang ang ating kaligtasan.

MABUTING BALITA (Jn 3:14-21)

Buhay na walang hanggan

NOONG panahong iyon: sinabi ni Hesus kay Nicodemo, [14]"Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas doon sa ilang, gayon din naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, [15]upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. [16]Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. [17]Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.

[18]Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya.

Paghuhusga

[19]Hinatulan sila sapagkat naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwa-nag, sapagkat masama ang kanilang mga gawa. [20]Ang gumagawa ng masama ay ayaw sa ilaw, at hindi lumalapit dito upang hindi maha-yag ang kanyang mga gawa. [21]Ngunit ang namumuhay sa katotohanan ay lumalapit sa ilaw; sa gayon, nahahayag na ang kanyang mga ginagawa'y pagsunod sa Diyos."

Tema: **AngPagkaroon ng Buhay na Walang Hanggan**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Ebanghelyo ay tumutukoy sa paglinis
  - Sa b. 14 ang paggunita sa mabangis na ahas sa disyerto noong kapanahunan ni Moises. Ang mga taong natuklaw ng ahas ay naililigtas kung sila'y titingin sa isang tansong ahas habang ito'y itinataas.
- Ito'y isang paraan ng pagpapaliwanag sa pagkapako ni Hesus sa krus (b.15)
- Lahat tayo ay mayroong buhay na walang hanggan.
- Sa b. 16, atin pang palalimin ang kaalaman natin sa ginawa ng Diyos: dahil sa pagmamahal ng Diyos …. Para tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggang (b.15).
- Sa b.17 isinugo ng Diyos ang kanyang kaisa-isang anak: upang mailigtas ang sangkatauhan, at hindi upang hatulan, di katulad ng isang mabangis na ahas sa disyerto.
- Sa b. 18 may katiyakan kung sino ang mailigligtas: ang mga sumasampalataya sa Diyos.
- Ang mga hindi sumasampalataya sa Diyos ay hindi maililigtas.
- Ang kaligtasan ay hindi automatiko. Nangangailangan ito ng isang tugon sa ating paniniwala sa kanyang nag iisang Anak.
- Sa b. 19 malupit ang taong nananatili sa kadiliman at patuloy na gumagawa ng kasamaan.
- Sila ay mapaparusahan (b.18)
- Ito ang mga masasama: ayaw nila sa ilaw, dahil makikita ang kanilang mga masasamang gawain (b.20).

MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL NA ENGLISH AT FILIPINO



PANALANGIN BAGO BASAHIN ANG BANAL NA SALITA

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANALANGIN PAGKATAPOS BASAHIN ANG BANAL NA SALITA

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.
Luwalhati...

(*mula sa Prayers of the Pauline Family*)

• Ito ang mga naniniwala sa Diyos: sila ay lumalapit sa ilaw. Hindi sila takot na malantad sa ilaw (b.21).

PAGNINILAY

Nang itinaas si Hesus, tayo ay dumulog sa kanya?

II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa, inilarawan ang paghirang kay Ciro bilang tagapagligtas ng bayang Israel kahit siya ay isang Hentil. Sa Ikalawang Pagbasa naman ay ipinakita ang paghirang kay Hesus at kung papaano tayo nailigtas at nakasamaang itinampok sa kalangitan kasama ni Hesus. At sa Mabuting Balita naman, ipinakita ang dakilang habag ng Diyos na sa pamamagitan ng Anak ng Tao, tayo'y iniligtas sa kasalanan. At ito ay nangyari dahil itinataas, ipinako si Hesus sa Krus.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Paano mo ba naranasan ang dakilang pagliligtas ni Hesus? Paano ka ba itinaas ng Hesus sa yakap ng Diyos?

2. Anu-ano ang ating mga ugali o katangiang maari nating ipapako sa krus ngayong kuwaresma? Ibahagi.

(*Pangwakas na Pananlangin)*

VERBUHAY (Filipino Edition) DONORS AT BENEFACTORS:

QUIRINO AT SIONY RAMOS
ISA REYES
MARLA GLORIA

TAOS-PUSONG PASASALAMAT MULA SA:

ST PAULS